

Ika-13 Linggo sa Karaniwang Panahon

2 Mga Hari 4,8-11. 14-16; Roma 6,3-4. 8-11; Mateo 10,37-42

Sentral na Tema: “Ang pananampalatayang nananatiling matatag sa bagyo ng buhay.”

Panimula

Ilang taon na ang nakalilipas, sa isang biglaang pagbuhos ng ulan sa isang masikip na istasyon ng tren sa lungsod, may isang binatang nakatayo sa pintuan na nanonood sa mga taong nagmamadaling dumaraan. Karamihan ay may dalang payong—may malaki, may maliit, may baligtad na rin dahil sa hangin. May isang matandang babae sa tabi niya na nahihirapan sa sirang payong na laging nagsasara dahil sa ulan. Hindi gaanong nagsalita, lumapit siya, itinaas ang isang bahagi ng kanyang sariling payong, at tahimik na ibinahagi ito sa kanya hanggang sa magkasama silang nakarating sa plataporma. Hindi

sila nagpalitan ng pangalan. Nang dumating ang tren, sinabi lang niya, “Salamat sa hindi mo pagpapabaya na ako ay mag-isang tumayo sa bagyo.”

Hindi ito kapansin-pansing gawa. Walang kumuha ng litrato. Walang pumalakpak. Ngunit may isang bagay na totoong nangyari roon—isang bagay na mas makatao kaysa sa maraming dakilang gawa.

Ang buhay ay madalas katulad ng istasyong iyon: masikip, hindi mahuhulaan, at puno ng mga sandali kung saan tayo'y mag-isang nakatayo o hinahayaan natin ang iba na makasama tayo. Ang Ebanghelyong ating naririnig ngayon ay tuwirang tumutukoy sa katotohanang iyon, kung saan ang pananampalataya ay hindi teorya kundi karanasang ginagalawan.

Sa kaibuturan nito ay isang madaling gawin ngunit mapaghamong katotohanan: ang pagiging alagad ni Kristo ay hindi isang palamuti na idinagdag lamang

sa buhay, kundi isang paraan ng pamumuhay na totoo, magastos, at malalim na makatao—tulad ng matibay na kahoy na nananatiling matatag sa ilalim ng presyon, tulad ng pag-ibig na hindi nawawasak kapag sinubok.

Gayunpaman, alam nating lahat kung gaano kadalang maging mababaw ang pananampalataya, kung gaano kabilis manghina ang pag-ibig, at kung paano maaaring tayo'y ihiwalay ng paghihirap kapag walang sumasama sa atin. Iyan ang dahilan kung bakit ang salita ng Diyos ngayon ay tumatawag sa atin sa ating kalooban—upang suriin kung ano ang totoo, kung ano lamang ang panlabas na anyo, at kung saan talaga naroroon si Kristo sa ating buhay.

Homiliya

Sentral na Tema: Ang pagiging alagad ni Kristo ay hindi panggagaya o pagpapanggap, kundi totoo, magastos, at nagbibigay-buhay na pag-ibig—pananampalatayang matibay na kahoy na nagdadala ng krus at nagiging kapansin-pansin sa pagtanggap sa kapwa.

1. Kapag sinusubok ang pananampalataya: ano ang totoo?

May isang nagtitinda ng muwebles na minsang nagpakita sa isang batang mag-asawa ng tatlong uri ng kasangkapang gawa sa punong ensina: imitasyon, paibabaw, at purong kahoy. Sa unang tingin, mukhang maayos silang lahat. Ngunit isa lamang ang kayang magtiis sa bigat, presyon, at panahon. “Ang tunay na bagay,” tahimik niyang sinabi, “ay laging mas mahal.”

May sinasabi si Hesus na katulad nito ngayon— bagama't mas labis pa. Nagsasalita siya tungkol sa pagmamahal sa Kanya nang higit sa lahat, sa pagpasan ng krus, sa pagkawala ng buhay upang ito'y matagpuan. Ito'y hindi pagmamalabis. Ito'y isang tanong: *Anong uri ng pagiging alagad ang totoo kapag dinidiinan ito ng buhay?*

Sapagkat ang buhay nga ay dumidiin.

May isang lalaking minsang pumasok sa isang klinika para sa karaniwang pagpapakunsulta at lumabas na may pagtukoy sa sakip na nagbago sa lahat. May isa pang pamilyang tahimik na umupo sa tabi ng kama sa ospital, napagtanto na walang salitang makaaayos sa nangyayari. Sa mga sandaling iyon, ang pananampalataya ay hindi na lamang isang ideya—ito'y nagiging matibay o nawawasak.

May isang babaeng nag-alaga sa kanyang asawa sa mahabang karamdaman na nagsabi: “Akala ko ang pagmamahal ay magmumukhang magkasamang mga pangarap. Hindi ko alam na magmumukha itong pag-uulit ng parehong pangungusap sampung beses sa isang araw nang may pasensya.”

Hindi iyan paibabaw. Iyan ay purong kahoy.

2. Ang panganib ng panlabas na anyo: kapag ang pananampalataya ay sa ibabaw lamang

Ngunit may isa pang panganib na inilalantad ni Hesus: ang buhay na mukhang relihiyoso ngunit walang ugat.

May isang estudyanteng minsang nagboluntaryo sa mga gawain ng parokya, ngunit nang hamunin siya sa unibersidad tungkol sa kanyang paniniwala, siya'y nanatiling tahimik. “Mas madali kapag hindi ka napapansin,” ang kanyang inamin.

O isang pangkat sa parokya na nag-aayos ng maraming kaganapan, paglalakbay, at pagtitipon, ngunit unti-unting tumitigil sa magkasamang pananalangin. Lahat ay nananatiling aktibo, ngunit ang sentro ay tahimik na lumilipat.

Hindi interesado si Hesus sa relihiyosong palamuti. Interesado siya sa katotohanang nananatiling matatag sa ilalim ng presyon.

Tulad ng kasangkapang paibabaw: maganda sa unang tingin, ngunit marupok kapag tinamaan ng buhay.

Kaya't ang pagiging alagad ay nagtatanong ng mahirap na tanong: *Kapag walang nakatingin, ano ang natitira sa aking pananampalataya?*

3. Ang krus na hindi natin pinipili—ngunit hindi rin pinapasan nang mag-isa

Ang mga salita ni Hesus tungkol sa krus ay kadalasang nauunawaan nang mali bilang malupit. Ngunit hindi niya ipinagmamalaki ang paghihirap. Inihahayag niya ang katotohanan.

May isang tagapag-alaga sa ospital na minsang napansin ang isang matandang lalaki na laging hawak ang kanyang likod dahil sa sakit. Isang araw mahinahon niya itong tinanong. Sumagot siya: “Hindi gaanong masakit kapag may nakakaalam.”

Ang pangungusap na iyon ay may dalang malalim na katotohanan: ang paghihirap ay nagiging mas mabigat kapag tayo'y nag-iisa.

May isang lalaking minsang nagsabi pagkatapos ng mahabang karamdaman: “Tumigil ako sa

pananalangin para lamang sa paggaling. Nagsimula akong manalangin upang hindi mag-isa.”

At minsan, iyan ang tunay na himala—hindi ang pag-aalis ng krus, kundi ang presensya ng pag-ibig sa loob nito.

May isang kapitbahay na minsang nagsimulang batiin lamang ang isang lalaking iniwasan ng lahat dahil sa kanyang dalang poot. Walang biglaang pagbabagong nangyari. Ngunit unti-unti, lumambot ang lalaki. Ang bigat ay hindi naglaho—ngunit hindi na ito pinasan nang mag-isa.

Iyan na ang biyaya.

4. Kapag ang pag-ibig ay nagbabago ng prayoridad

Nagsasalita rin si Hesus tungkol sa pamilya at prayoridad: “Ang sinumang umiibig sa kanyang ama

o ina nang higit kaysa sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin.”

Hindi ito pagtanggì sa pamilya. Ito ay paglilinis ng pagmamahal.

May isang dalagang minsang nadama ang panawagan sa buhay relihiyoso. Mariing tumutol ang kanyang pamilya. Hindi ito kawalan ng pagmamahal—ito’y tunggalian sa pagitan ng dalawang pag-ibig. Pagkalipas ng mga taon, dumating ang paggaling, ngunit pagkatapos lamang ng mga luha at panahon.

O isang binatang pumili na maging manggagawang panlipunan sa halip na ipagpatuloy ang negosyo ng pamilya. Ang desisyon ay nagdulot ng tensyon sa loob ng maraming taon. Ngunit sa kalaunan, dumating ang pagkakasundo—dahil ang pag-ibig ay nalinis, hindi nawasak.

Kapag ang Diyos ang unang-una, ang lahat ng iba pa ay hindi naman kinakaltasan ng pagmamahal—kundi mas wastong minamahal.

5. Pagtanggap sa kapwa: kung saan nagiging kapansin-pansin ang pananampalataya

At pagkatapos, inilipat ni Hesus ang pansin sa isang kakaibang direksyon: ang pagtanggap sa kapwa.

“Ang sinumang tumatanggap sa inyo ay tumatanggap sa akin... kahit isang basong malamig na tubig ay hindi mawawalan ng gantimpala.”

May isang misyonerong minsang nagsabi na ang isang bata na nagbigay sa kanya ng basag na tasa ng tubig sa isang tuyong rehiyon ang nagbigay sa kanya ng pinaka-nakakapagpasariwang inumin sa kanyang buong buhay.

May isang gurong minsang nag-iiwan ng karagdagang tinapay sa kanyang mesa tuwing

umaga na “nagkamali” para sa isang nagugutom na estudyante. Pagkalipas ng mga taon, sinabi ng estudyanteng iyon: “Hindi ito tungkol sa pagkain. Ito ay ang pakiramdam na mahalaga ako.”

Ang pagtanggap sa kapwa ay hindi tungkol sa laki. Ito ay tungkol sa presensya.

May isang lola na minsang nagsabi sa kanyang apo: “Tuwing tinatanggap mo ang sinuman, gumagawa ka ng puwang para sa Diyos.” Hindi iyan tula. Iyan ay teolohiyang ginagalawan sa karaniwang buhay.

6. Ang tahimik na rebolusyon ng karaniwang pananampalataya

Ang karamihan ng pagiging alagad ay hindi kapansin-pansin.

Ito ang magulang na nananatiling matiyaga sa dulo ng mahabang araw. Ang boluntaryong patuloy na pumupunta nang walang kinikilala. Ang matandang

lalaking patuloy pa ring nagbibisikleta papuntang Misa sa kabila ng sakit dahil, ayon sa kanya, “doon ko naaalala kung sino ako.”

Ito ang gurong ipinagtatangol ang isang biktima ng isang maton. Ang kapitbahay na sa wakas ay nagpasyang batiin ang isang taong iniwasan ng iba. Ang tagapag-alagang natutuklasan na hindi lang siya naglilingkod—kundi siya rin ay binabago.

May isang lalaking nagtrabaho sa isang kanlungan na nagsabi: “Akala ko ako’y tumutulong sa mga tao. Hindi ko inasahan na madarama kong ako mismo ay tinatanggap.” Iyan ang Ebanghelyong binabago ang direksyon.

7. Pananampalatayang matibay na kahoy: ang nananatili

Sa pinakamalalim na antas, ang Ebanghelyo ngayon ay hindi tungkol sa pagiging bayani. Ito ay tungkol sa pagiging tunay.

Ang pananampalatayang tulad ng purong kahoy ay hindi nangangahulugang kasakdalan.

Nangangahulugan ito ng integridad—na ang nasa loob ay hindi naiiba sa nakikita sa labas.

May isang karpintero na minsang nagkumpuni ng sirang biga ng kahoy sa isang lumang bahay. Sa halip na agad itong palitan, pinatibay niya ito mula sa loob. “Kung tatanggalin ko ito nang dali-dali,” sabi niya, “babagsak ang bahay. Kung patitibayin ko ito, makapagtitiis ito ulit.”

Iyan ang ginagawa ni Kristo sa buhay ng tao. Hindi laging inalis ang krus, kundi pinatitibay ang nagdadala nito.

At kadalasan, ginagawa niya ito sa pamamagitan ng iba.

May isang manlalakbay na minsang dumating nang gabing-gabi sa isang maliit na bahay-tuluyan sa lalawigan matapos ang mahabang paglalakbay. Simple ang bahay-tuluyan, halos mahirap pa nga. Dinalhan siya ng nagmamay-ari ng isang mangkok ng sabaw at tinapay nang walang ano-anong seremonya.

Tahimik na kumain ang manlalakbay at pagkatapos ay nagtanong, “Marami po bang dumadaan dito?”

Ngumiti ang nagmamay-ari: “Yung mga gutom lamang.”

Pagkatapos ng isang paghintong, idinagdag niya, “Ngunit may natutunan ako—walang sinumang dumarating dito ang gutom lamang sa pagkain.”

Sinabi pa ng manlalakbay na ang gabing iyon ay mas nanatili sa kanya kaysa sa anumang marangyang tuluyan na kanyang napuntahan.

Sapagkat sa simpleng pagtanggap na iyon, nakaranas siya ng isang bagay na totoo.

Hindi pagganap. Hindi panlabas na anyo.

Kundi ang sangkatauhan sa kanyang pinaka mahusay—at ang Diyos na tahimik na naroroon dito.

Amen.

- **Translated by William Valdez, Jr., Perth**